
3

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 2: Mga Patuloy na Pagbabago ng Ating Lalawigan at sa Kinabibilangang Rehiyon



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q2_AP3_ Module 2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 2: Mga Patuloy na Pagbabago ng Ating Lalawigan at sa Kinabibilangang Rehiyon**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan na gumawa ng isang akda kung ito'y pagkakakitaan.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal o may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Mary Ann L. Agsaulio
**Editors:** Napoleon L. Dawal Jr., Minerva P. Ibasco, Edgardo D. Pamugas III, Myrene M. Saragena
**Tagasuri:** Napoleon L. Dawal Jr., Minerva P. Ibasco, Edgardo D. Pamugas III, Alemer O. Veloso
**Tagalapat:** Alpha Amor G. Manglicmot, Patrick John P. Peresores Leomar G. Paracha
**Tagapamahala:** Allan G. Farnazo, Nelson C. Lopez, Mary Jeanne B. Aldeguer, Cheerylyn A. Cometa, Analiza C. Almazan, Christopher P. Felipe, Ma. Cielo D. Estrada, Alicia I. Ayuste, Danilo R. Dohinog, Leonora Liza D. Dacillo

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ______________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 2: Mga Patuloy na Pagbabago ng Ating Lalawigan at sa Kinabibilangang Rehiyon

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# Alamin

Ano – ano kaya ang naging pagbabago ng aking lalawigan noon at sa kasalukuyan? Masdan ang mga larawan sa ibaba, may napapansin ka bang pagbabago?

**NOON** **NGAYON**

**Tagum City Hall**





https://images.app.goo.gl/dCT4ZZXwNccztDf9A
https://images.app.goo.gl/6RmFQ9qvpgFf8HZ28

**Ateneo de Davao University**





http://community.fortunecity.ws/meltingpot

https://images.app.goo.gl/6TYYxhieimXHVa5bA/lidden/1 151/ateneo1249.jpg

Sa modyul na ito, inaasahang iyong:

- natatalakay ang mga pagbabago at nagpapatuloy sa sariling lalawigan at kinabibilangang rehiyon
  MELC – (AP3KLR-IIc-2)

## Subukin

Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat ito sa sagutang papel.

1. Ano ang tawag noon sa Davao Region?
   A. Timog Mindanao
   B. Perlas ng Silangan
   C. Habagatang Davao
   D. Habagatang Mindanao

2. Ang tanyag na People's Park sa Lungsod ng Davao ay bahagi ng pagbabago ng?
   A. libangan
   B. pangalan
   C. komunikasyon
   D. pisikal na kapaligiran

3. Ano ang tawag sa Lalawigan ng Davao de Oro noon?
   A. Compostela Valley
   B. Davao del Norte
   C. Davao Oriental
   D. Davao City

4. Ang ilan sa mga daan ngayon ay naging malapad at sementado. Anong pagbabago ito?
   A. pagbabago sa pisikal na kapaligiran
   B. pagbabago sa pangalan
   C. pagbabago sa libangan
   D. pagbabago sa turismo

5. Isa sa mga magagandang pasyalan kasama ang buong pamilya ay ang Beach Resort. Ito ay isa sa mga pagbabagong ____________.
   A. agrikultura
   B. kalusugan
   C. komersiyo
   D. turismo

# Aralin 1 — Mga Patuloy na Pagbabago ng Ating Lalawigan at sa Kinabibilangang Rehiyon

Ang bawat rehiyon ay may pinagdadaanan na mga pagbabago kasama ang mga lalawigang sakop nito.

## Balikan

Upang malaman ang iyong sapat na kaalaman sa naunang aralin, isulat sa sagutang papel ang mga salita mula sa loob ng kahon na may kaugnayan sa ating kasaysayan.

| | |
|---|---|
| Saligang Batas | Davao de Oro |
| Republic Act 4867 | Nueva Guipozcoa |
| Bantay Bata 163 | Henry Sy |
| Ferdinand E. Marcos | Hunyo 13, 1986 |
| Davao | |

Mula sa pinagmulan ng iyong lalawigan ay may pagbabagong naganap. Ipagpatuloy mo ang pagkilala sa ating rehiyon sa araling ito.

# Tuklasin

Sa paglipas ng panahon marami ang naganap na pagbabago sa isang lugar. Ito ay maaaring nagdulot ng kabutihan o may hindi mabuting epekto sa bawat mamamayan.

Ilan sa mga pagbabagong naganap ay nakatala sa loob ng kahon. Pag-aralan ang mga ito at tuklasin ang mga naganap na pagbabago sa pagpapatuloy na pagkatuto sa modyul na ito.

pagbabago sa populasyon at mga tao
pagbabago sa pisikal na kapaligiran
pagbabago sa mga pangalan ng lugar
pagbabago sa mga gawain, aktibidad, o libangan
pagbabago sa pakikipag-ugnayan o komunikasyon
pagbabago sa imprastruktura

## Suriin

Tingnan ng mabuti ang mga larawan noon at ngayon ng ilan sa mga mahahalagang lugar sa ating rehiyon. Anong mga pagbabago ang iyong napansin?

1. **Pagbabago sa Imprastruktura**

Tingnan ang larawan ng Maco Municipal Hall at Tagum City National Highway sa ibaba. Isulat sa iyong sagutang papel ang napansin ninyong pagbabago?

NOON NGAYON

Maco Municipal Hall
Davao de Oro



https://images.app.goo.gl/3z8ESj2Eks2fx4wy7



https://www.maco.gov.ph

## 2. Pagbabago sa Pisikal na Kapaligiran

Tagum City National Highway
Davao del Norte




https://images.app.goo.gl/EodYEZNSaZ6C1tc2A



https://images.app.goo.gl/rsBgTMPZqui4PuZw7

## 3. Pagbabago sa Populasyon



Population of Provinces and HUC: Davao Region
(Based on the 2000, 2010, and 2015 Censuses)

| Province/HUC | Total Population | | | Annual Population Growth Rate (in percent) |
|---|---|---|---|---|
| | May 1, 2000 | May 1, 2010 | August 1, 2015 | |
| Davao del Norte | 743,811 | 945,764 | 1,016,332 | 1.38 |
| Compostela Valley | 580,244 | 687,195 | 736,107 | 1.32 |
| Davao del Sur | 504,289 | 574,910 | 632,588 | 1.84 |
| Davao City | 1,147,116 | 1,449,296 | 1,632,991 | 2.30 |
| Davao Occidental | 254,512 | 293,780 | 316,342 | 1.42 |
| Davao Oriental | 446,191 | 517,618 | 558,958 | 1.47 |

https://images.app.goo.gl/6qmwBQ3kdZNt5WxWA

Pansinin ang naitalang datos mula sa **Philippine**

**Statistics Authority** simula taong 2000 hanggang 2015. Makikita rito na mabilis ang pagtaas ng bilang ng populasyon sa bawat taon. Sa inyong palagay, bakit kaya mabilis ang pagdami nito?

## 4. Pagbabago sa Turismo at mga Libangan

Isa sa natatanging kaugalian nating mga Pilipino ay ang pagbubuklod at pagsama-sama ng buong pamilya lalo na sa pamamasyal. Karaniwang libangan ng mga kabataan noon ay ang paglalaro ng mga larong lahi gaya ng luksong-tinik, tumbang preso, patintero, tago-tagoan at iba pa.

Noon, limitado lamang ang mga pook pasyalan sa ating rehiyon dahil hindi pa ito lubusang napapaunlad. Sa ngayon, napakarami nang mga lugar ang maaari nating puntahan sa loob ng ating rehiyon. Nasa larawan sa ibaba ay ang ilan sa mga tanyag na pasyalan sa ating rehiyon.



https://images.app.goo.gl/ZtsMqvUQoyZeJYtR9

Ito ang **People's Park** ng Lungsod ng Davao (itaas) at ang **Agong House** sa lalawigan ng Davao del Sur (ibaba).



Photo credit to Ernie E. Agsaulio

## 5. Pagbabago sa Pakikipag-ugnayan o Komunikasyon

Isa sa paraan ng pakikipag-ugnayan ay ang komunikasyon. Ito ang nag-uugnay sa atin sa mga taong malalayo sa atin. Noon limitado lamang ang

pamamaraan, gaya ng pagsulat ng liham ngunit sa ngayon mas madali na ang ating komunikasyon gamit ang makabagong teknolohiya gaya ng *cellphone* o *computer.*

## 6. Pagbabago sa Pangalan ng Lugar

Sa taong 1946, kahit bago lamang nakamit ang kalayaan ng ating bansa, ang buong rehiyon ay isa nang lalawigan na tinatawag na Lalawigan ng Davao, ang siyudad ng Davao ang nagsisilbing kapital nito.




https://images.app.goo.gl/Xh1iujK5aCbxPwUYA

Ang Rehiyon ng Davao ay tinatawag noon na Habagatang Mindanao. Ito ay binubuo ng mga lalawigan tulad ng Davao del Norte, Davao del Sur, Davao Oriental, South Cotabato at Saranggani. Noong Setyembre 2001, ipinatupad ang Executive Order No. 36 na muling inorganisa ang mga rehiyon ng Mindanao.

Mula sa tawag na Habagatang Mindanao, kilala na ngayon sa pangalang Davao Region.

Sa kasalukuyan ito ay binubuo na lamang ng limang lalawigan, ang Davao del Norte, Davao del Sur, Davao de Oro, Davao Occidental, at Davao Oriental.

## *Pagyamanin*

A. Panuto: Sagutin ng Tama o Mali. Isulat ang inyong sagot sa sagutang papel.

1. Noong Mayo 1, 2000, ang Davao del Sur ay may populasyon na 504,289, noong Agosto 1, 2015 mas tumaas pa ang populasyon.

2. Ang tamang pamumuno at pagsunod sa batas na pinatutupad ay ilan sa mga dahilan kung bakit may mga pagbabago sa iyong lalawigan.

3. Hindi tumaas ang populasyon sa Rehiyon ng Davao ayon sa naitala ng National Statistics Office.

4. Sa kasalukuyan ang siyudad ng Davao na sakop ng ating Rehiyon XI ang patuloy na naging sentro ng kalakalan at may pinakamalawak na sakop na lupain.

5. Mula noon hanggang sa kasalukuyan walang pagbabago sa mga imprastruktura sa ating rehiyon.

B. Panuto. Punan ng iyong sagot ang talahanayan tungkol sa mga kaganapan sa iyong kinabibilangang rehiyon mula noon hanggang sa kasalukuyan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Punan ang talahanayan. Isagawa ito sa iyong sagutang papel.

| Mga Pagbabago | NOON | NGAYON |
|---|---|---|
| Halimbawa :<br>Libangan | Naliligo sa ilog | Naliligo sa swimming pool |
| Pangalan ng Lugar | | |
| Imprastruktura | | |
| Populasyon | | |

## Isaisip

Sagutin ang mga sumusunod na tanong at isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Ano-ano ang mga pagbabago at nagpapatuloy sa sariling lalawigan at kinabibilangang rehiyon?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________

2. Anong mga pagbabago at nagpapatuloy sa sariling lalawigan at kinabibilangang rehiyon ang iyong pinapahalagahan at sinusuportahan? Bakit?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ___________________

## *Isagawa*

Para sa bahagi na ito ng modyul, gumawa ng isang islogan o poster na nagpapakita ng mga pagbabago at nagpapatuloy sa sariling lalawigan at kinabibilangang rehiyon.

### Rubriks sa Pagmamarka

| Pamantayan | Puntos |
|---|---|
| Orihinalidad | 30% |
| Pagkamalikhain | 30% |
| Kaugnayan sa Paksa | 30% |
| Kalinisan ng *output* | 10% |
| Kabuuan | **100%** |

## Tayahin

Panuto: Basahin at unawain ang bawat tanong. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Anong mga pagbabago sa lalawigan ang nagpapatuloy hanggang sa kasalukuyan?

   A. hindi pagtaas ng bilang ng populasyon

   B. paghinto sa pag-aaral ng mga kabataan

   C. pisikal na kaanyuan ng mga lugar

   D. pangalan ng mga tao sa isang lugar

2. Alin sa mga sumusunod ang maituturing na di-kabutihang naidudulot ng mga pagbabagong naganap sa lalawigan?

   A. dumami ang mga bagong pabrika

   B. naging sementado ang mga daan

   C. nagkaroon ng pag-unlad sa kabuhayan

   D. dumami ang bilang ng mga kabataan

3. Ano ang iyong gagawin upang makatulong sa pagbabagong nagaganap sa iyong lalawigan?
   A. iiwasan ang pagpunta sa pagtitipon
   B. balewalain ang mga ipinatutupad na batas
   C. tutulong nang lubos sa mga gawaing pampubliko.
   D. pangunahan ang pag-aalsa laban sa pamahalaan

4. Bakit kaya dumarayo ang mga tao sa iba't ibang lalawigan at manatili doon?

   A. nais nilang palipat-lipat ng tirahan
   B. naghahanap ng mapangasawa sa ibang lugar
   C. pampalipas oras dahil walang magawa sa buhay
   D. naghahanap ng mas magandang trabaho para sa pamilya

5. Bakit bumuo ng isang panibagong lalawigan ang Davao Region?

   A. mapalawak ang nasasakupan ng rehiyon
   B. mapangasiwaan nang maayos ang mga lalawigan
   C. madagdagan ng bilang ang mga bumubuo sa rehiyon
   D. mapaunlad nang maayos ang mga lungsod ng mga lalawigan

## *Karagdagang Gawain*

Sumulat ng tula o gumuhit ng larawan tungkol sa mga bagay na nagbabago sa iyong lalawigan o rehiyon. Gamitin ang pamagat na nakasulat sa kahon. Isulat sa sagutang papel.

Ang Aking Lalawigan at Rehiyong Kinabibilangan

ni ______________________

# Susi sa Pagwawasto

**Balikan**

Nueva Guipozcua

Ferdinand E. Marcos

Davao de Oro

Republic Act 4867

Davao

Subukin

1. D
2. A
3. A
4. A
5. D

Pagyamanin

A. 1. Tama

2. Tama

3. Mali

4. Tama

5. Mali

Tayahin

1. C
2. D
3. C
4. D
5. B

# *Sanggunian*

Amboni Ma. Lynie R., Archie E. Año, Rheex G. Castor, Myla A. Gerodias, Rosemarie T. Realino, Melfrie E. Gudmalin, Julieta V. Maluenda, Genelly A. Priagola, Ruth D. Salarda, Imelda T. Cardines, Jonathan B. Catubig, Gemma G. Daño, Iren C. Limit, Grace D. Pontillas, EdD, Rowena P. Flores, Lovelyrose Mary L. Sabuga-a, Rona T. Apique, Leonora Liza D. Dacillo, *Araling Panlipunan Kagamitan ng Mag-aaral Rehiyon XI – Rehiyon ng Davao.* Pasig City Philippines: Studio Graphic Corp., 2019, 163-170

https://images.app.goo.gl/dCT4ZZXwNccztDf9A

https://images.app.goo.gl/6RmFQ9qvpgFf8HZ28

http://community.fortunecity.ws/meltingpot
/lidden/1151/ateneo1249.jpg

https://images.app.goo.gl/6TYYxhieimXHVa5bA

https://images.app.goo.gl/3z8ESj2Eks2fx4wy7

https://www.maco.gov.ph

https://images.app.goo.gl/EodYEZNSaZ6C1tc2A

https://images.app.goo.gl/rsBgTMPZqui4PuZw7

https://images.app.goo.gl/6qmwBQ3kdZNt5WxWA

https://images.app.goo.gl/ZtsMqvUQoyZeJYtR9

https://images.app.goo.gl/Xh1iujK5aCbxPwUYA

https://images.app.goo.gl/eqPC8PTWTwckstEJ7

https://images.app.goo.gl/qKp1HJjUaKgXBCrA6

https://images.app.goo.gl/kj4ZcroWWVEv2i9DA

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph